AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

### Aralin 58

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 58** |
| --- |
| Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Ang Portal Patungo sa Planetang…" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG PORTAL PATUNGO SA PLANETANG…**

**WRITING PROMPT LESSON 58**
---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, ating babalikan ang isang children's rhyme na tutulong sa inyo upang makabisado ang noong siyam na planets sa ating solar system, alam mo ba ito?

"My Very Eager Mother Just Served Us Nine Papayas"

Asan ang planeta? Tignan ang simulang letra ng kada-salita. Makikita ang mga letrang: M, V, E, M, J, S, U, N, P. Ating tumbasan ng planets!

"Mercury, Venus, Earth, Mars, Jupiter, Saturn, Uranus, Neptune, at Pluto."

Ngayon at nabalikan na natin ito, handa ka na ba sa isa na namang pagsulat ng isang adventure! Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**

Isang araw habang nag-aayos ng mga damit sa iyong damitan, nakita mo ang isang portal! Pagsilip mo, isa itong portal papuntang outer space! Ikaw ay pumasok dito at ikaw ay nakatapak sa isang planeta sa ating solar system. Anong susunod na nangyari, ikwento gamit ang mga tanong!

- Saang planeta sa solar system natin ang napuntahan mo?
- Ano ang nakita mo sa planetang ito?
- Mas gusto mo ba ang planetang ito? Bakit oo? Bakit hindi?
- May mga alien bang naninirahan sa iyong planet na napuntahan? Anong itsura nila?
- Babalik ka ba ulit sa planetang ito? Bakit?

**III.Teacher's Message**

Saang planeta ka dadalhin ng iyong portal? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong karanasan pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."